DAVAO ORIENTAL DSPC DIVISION SCHOOLS PRESS CONFERENCE 2026

Unique Reference Code: 005

Event & Medium: Sci-Tech Writing - Filipino

Level (Elem/Sec): Secondary

1st

Kalasag Kontra Kalamidad: Science-based Systems Laban sa mga Sakuna

Matagal nang ininda ng mga Pilipino ang hagupit ng mga malulupit na kalamidad na tumatama sa bansa taon-taon. Maraming mga lungsod ang nalulubog sa baha tuwing tag-ulan. Ngunit ngayon ay mayroon nang kalasag na poprotekta sa taumbayan.

Kamakailan lang ay inanunsyong gagamitin ng UP Resilience Institute - NOAH Center ang ₱1 bilyong pondo upang mas patibayin ang kakayahan ng bansang labanan ang mga sakunang kakaharapin ng Pilipinas. Maglalapat sila ng scientific information upang mas maging episyente ang paglaban sa mga sakuna.

Ayon kay UPRI Executive Director Mahar Lagmay "Kapag sinabing baha, hindi lubog ang buong Metro Manila, only specific places. We use We use science for us to understand that not all places get flooded — it's besides creeks, it's in the low-lying areas, it's beside the streams that are normally dry, but they get flooded during the rainy season."

Kapag umuulan, hindi buong Metro Manila ang lumulubog, sa halip ay ilang partikular na lugar lamang. Sa tulong ng mga proyekto ng UPRI-NOAH Center, gamit ang science information, gaya ng LIDAR drones, Artificial Intelligence, at mga mapping equipments ay matutulungan ang mga awtoridad at mga ahensya ang mga nasalanta at nabahang lugar at magagawa ng nararapat na kilos.

Ang mga proyektong ito ay isinagawa upang magtulungan na mapababa ang epekto at pagkasirang dulot ng mga sakuna. Maihahalintulad natin ito sa katawan ng mga tao.

Ang AI ang nagsisilbing utak ng proyektong nag-iisip ng mga hakbang na maaaring isagawa ng mga tao, sa tulong decision-

support tools na nagsasagawa ng mga plano ng mga impras-truktura at risk analysis. Ang mga LiDAR drones ay ang mata, na nagbibigay ng aktual na sitwasyon ng isang lugar upang matukoy ang mga lugar na nangangailangan ng tulong. Ang Nature-based solutions naman ay mga kamay na nagsasagawa ng hakbang gaya ng tree-planting, pag-aayos ng floodplain, at mga flood control projects.

Ayon sa United Nations Development Programme, tinatayang 59.7% ng Local Government Units ay gumagamit ng NOAH data-sets. Ang plataporma ay nagkaroon ng 3.2 milyong users. Kabilang na rito ang 12.9 location searches noong 2025 at mayroong halos 2.3 milyong engagement kada araw.

Patunay ito ng pagiging epektibo ng science informations na ginagamit ng NOAH.

Inaasahang ang proyekto ay makatutulong sa mga payak na mamamayang Pilipino at matagalang ugnayan sa gobyerno, mga unibersidad, at mga komunidad.

Kasabay ng paglakas at pagtindi ng mga sakuna ay siya ring pagiging malikhain ng isipin ng sangkatauhan. Sa pagsasama ng katatagan ng mga Pilipino at hiwaga ng agham, mas magiging matibay ang kalasag na siyang pundasyon ng depensa kontra sa kalamidad.

#

Unique Reference Code: 007

Event & Medium: Sci-Tech Writing - Filipino

Level (Elem/Sec): Secondary

2nd

Isang bilyon, Isang Pag-asa sa karaminan

Bawat kalamidad ay nagbigay ng pinsala sa lahat. Maraming tao ang iniwan na pag-asa at ligaya. Subalit, isang bilyon ang nakalaan para maagapan ang mga banta na dulot ng kalamidad.

Ang UPRI - NOAH o University of the Philippine Resillience Institute - NOAH Center ay binigyan ng isang bilyong budget na kung saan layuning palakasin ang kapasidad ng bansa na magbibigay ng maigting komunikasyon, paggabay at pag-aaply ng mga agham na impormasyon para sa mga disaster risk reduction, flood management, environmental protection at climate resillience.

Ayon kay UPRI Executive Director Mahar Lagmay "Dahil sa limited resources sa ating bansa, nais naming i-maximize ang paggamit ng agham na kung saan, dito mailalagay ang budget na isang bilyon at inaasahan namin na hindi lamang ito ang pagkakataon na ibinigay". Dahil dito, isang bagong opportunidad ang makakamit ng bansa upang mabawasan ang banta ng kalamidad.

Sa kabilang dako naman, ang 1 bilyong budget ay nakatuon sa High-resolution mapping sa river basin, suporta para sa Oplan kontra Baha, Sidement erosion and delivery assessment, Nature based solutions at marami pang iba. Layunin nito na magbigay ng dagdag suporta upang mas maging protektado ang bansa sa darating na kalamidad.

Ang UPRI-NOAH ay nagbigay ng hazard information nation-wide upang maagapan ang pagbaha, landslide, bagyo, tsunami at costal hazard. Ayon sa United Nation Development Programme study, nalaman nila na umabot sa mahigit 59.7 percent ~~of~~ ng local governmen units ang ~~na~~ na utilize ng NOAH.

Dagdag pa nito, umabot naman sa 3.2 milyon ~~users~~ ang na pagsibilhan ng NOAH at na umabot ~~naman~~ naman sa 12.9 milyon ang location ~~ang~~ natiskuhre nang 2025.

Unique Reference Code: 019

Event & Medium: Sci-tech writing - Filipino

Level (Elem/Sec): Secondary

3rd

Pag-asa ng Numero

Solusyong dala ng Pondo para sa mga mamayan sa panahon ng sakuna

Sa tuwing papatak ang ulan, dala nito ang lamig at biyaya para sa mga pananim, habang pagkabahala ng paglubog ng kanilang ari-arian at buhay ang nararamdaman ng ilang mamamayan. Ngunit, nakikita na ang pag-asang mabigyang tugon ito sa tulong ng inisiyatibo ng isang pangkat. Upang pagkabahala ay mapalitan ng kampanteng pakiramdam.

Alinsunod sa Republic Act No. 9500, mahigit isang bilyong piso ang inilaan ng University of the Philippines Resilience Institute - NOAH center upang maisang katuparan ang hangaring mapalakas ang kakayahan ng bansa para sa mas maayos na pamamahala sa usaping pagprotekta sa mamamayan at kalikasan, lalong lalo na sa panahon ng pagbaha.

"With limited resources in the country, we want to maximize the use of science so that we will be more effective in our invesments. That is where we will use the PHP 1 Billion." saad ni UPRI Excecutive Director na si Mahar Lamay.

Ang sistemang ito ay upang mas magabayan sa pamamagitan ng pagbabalita, pagsusuri, at paggawa ng epektibong agarang tugon para sa mga mamamayan, lalo na sa komunidad na madaling tamaan ng sakuna.

Mahigit siyam na iba't-ibang disenyo at sektor ang inihanda ng NOAH, upang masiguradong epektibo at tugma ang tugon na maibibigay sa bawat sektor ng komunidad.

Isa na rito ang paggamit ng makabagong teknolohiya sa pamamagitan ng Artificial Intelligence na siyang pakikinabangan upang makabuo ng mas advance na pagtataya upang masiguradong maisakatuparan ang planong ilalahad para sa pamamahala sa sakuna at kalikasan

Dagdag pa ni UPRI Excecutive Director, inaasahan nilang mapangangalagaan ang proyekto sapagkat ito ang kalasag ng ating bansa.

"We hope that it will be sustained because our country needs it".
ani ni Lamar

Sa panahon ng sakuna marami ang nababahala Ngunit dahil sa mga taong may hangaring magbigay ng solusyon, unti-unti na nating nasisilayan pag-asa sa mas ligtas na kinabukasan.

Bismillah

DSPC — Division Schools Press Conference 2026

Unique Reference Code: 004

Event & Medium: SCI-TECH – FILIPINO

Level (Elem/Sec): SECONDARY

4th

Badyet bilang solusyon

UPRI-NOAH bilang suporta sa maayos na paglago

Sa bawat perang naililikom ay perang nagbibigay pag-asa para sa maayos na sistema, at sa bawat paggamit nito sa maayos na paraan, bakas nito ang paglago kasama ang agham at teknolohiya para sa kinabukasan sa hinaharap.

pahayag

Sa opisyal na statement na inilathala, ang UP Resilience Institute — NOAH center ay naglaan ng ₱1 billion budget na gagamitin upang mas mapalakas ang kapasi-bilidad ng ating bansa na mag-generate, manage, communicate at lalo na magamit ang mga impormasyong agham. Kung saan upang mas maihanda sila sa mga disaster risk reduction, flood management, environmental protection at lalo na sa climate resillience.

Ang badyet na ito ay isang pundasyon na naglalayong masuportahan ang mga 'existing accomplishments' sa hazard mapping, flood intelligence, resillience education, technical assistance, government partnerships, at ang open na akses para sa disaster-risk data and information.

Hindi din lamang nakapokus ang proyektong ito sa iisa lamang, dahil ang badyet na ito ay mas papalawakin pa ang sistema bilang praktical na impormation para sa maayos na public investment decisions.

Kasama ang Republic Act No. 9500, o ang UP Charter of 2008, inaatasan nito ang Unibersidad na magbigay ng scholarly at technical assistance to government, mga nasa pribadong sektor at iba pang sektor.

Sa bawat buwan na lunod ang ating bansa sa baha o anumang pangyayare na naaapektuhan ang Pilipino, iisa lamang ang maaaring solusyon nito — ang pagkaroon ng badyet at kung saan ito mas gagamitin.

Ang UP NOAH ay magbibigay ng major update ng river-basin maps, gamit ang mga bagong geospatial technologies at iba pang mga advanced technology upang mas makita ang mga impormasyon ng waterways, floodplains at land use.

Sa kabilang dako, kapit-bisig din makikipagtulungan ang Department of Public Works and Highways, the Metropolitan Manila Development at local at private sectors. Kumbaga, sa paglulunsad ng suporta for oplan kontra baha.

Dagdag pa dito, sinusuri din nito ang pagkakaroon ng Transparency at Accountability upang masigurado ang lahat ng programa, implementasyong pagpa-plano at technical outputs. Ang dokumentong ito ay magsisilbing ebidensya para sa badyet na inilaan.

Ang pagkakaroon ng malaking badyet ay isang malaking katiyakan na mabibigyang solusyon ang mga problemang nararanasan. At sa tulong ng agham mas mapapalawak pa nito ang pagbabago.

Unique Reference Code: 017

Event & Medium: Sci-Tech Writing Filipino

Level (Elem/Sec): Secondary

Barya ng Kinabukasan

Habang patuloy na lumilipas ang panahon, patuloy na sinasakal ng problema ang mga tao. Sa panahon ng sakuna, kakulangan sa edukasyon o kahit anong problemang kinakaharap ng karamihan ay nagiging dahilan kung bakit ang bansa ay walang pag-unlad. Ngunit sa Bilyon-bilyong barya ng UPRI-NOAH Utilization ay matutustusan ang lahat ng problema ng mamamayan.

Ang UP Resilience Institute - Center ay naglaan ng isang bilyong budget upang mas mapalakas ang capacity ng bansa para sa mabuting kinabukasan sa pamamagitan ng paggamit ng agham sa Disaster Risk Reduction, sa flood management, climate resilience upang maprotektahan ang kapaligiran.

Itinatalagang makakapagbuo ng mabuting kagamitan tulad ng Hazard mapping, flood intelligence, resilience education, technical assistance, government partnership, at malawakang access ng datos at impormasyon sa disaster risk.

Sa Republic Act No. 9500 o The UP Charter of 2008, kung saan nagsasabing ang Unibersidad ay maglalaan ng iskolar at technical assistance sa gobyerno sa pribadong sektor, at civil society.

Ang UPRI-NOAH ay nakaplanong ilaan ang budget para sa High resolution mapping of major river basins, Suporta para sa Oplan kontra baha, Simulation of major detention basins, LiDAR drone surveys with state colleges and universities, Native-tree mapping and tree inventory, Sediment erosion and delivery assessment, Mapping hidden waterways and undocumented drainage path, Nature-based solutions, at Artificial ~~For~~ Intelligence for Disaster Management.

Sa pamamagitan ng napagplanohang project ay maiiwasan ang anumang sakuna na posibleng haharapin ng bansa, at mapapalakas ang access sa edukasyon, at mas mapapalawak ang kaalaman ng karamihan tungkol sa kung ano ang mabuti at masamang maaaring kaharapin ng bansa

Sa sistemang ito maaaring may suporta ng vulnerable communities, forecasting, maagang paalala, exposure assessment, at prioritization of interventions.

Sa pagbuo ng UPRI-NOAH ng nakatalagang plano ay maiiwasan ang flood controls, landslides, storm surges, tsunamis, and costal hazards.

Ang UPRI-NOAH ay mage-expand ng coverage, resolution, accuracy, and usefulness ng serbisyo. Sa pamamagitan nito ay mapapalakas ang pampublikong edukasyon at graduate programs: madedevelop ang innovative technologies: at makonukta ang research sa government planning at investment decisions. #